OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL R. FERNANDO
RECEIVED BY
18 MAY 2020 0:49am
DATE TIME

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG PUNONG LUNGSOD

#276

**ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 28**
**Serye 2020**

**PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNANG IPATUTUPAD SA LUNGSOD NG MALOLOS MULA IKA-16 NG MAYO HANGGANG SA IKA-31 NG MAYO KAUGNAY SA *GENERAL COMMUNITY QUARANTINE*.**

**SAPAGKAT,** noong ika-8 ng Marso 2020, sa bisa ng Proklamasyon Bilang 922 ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas – Pangulong Rodrigo Roa Duterte, isinailalim ang Republika ng Pilipinas sa *State of Public Health Emergency* dala ng pandemya ng COVID-19;

**SAPAGKAT,** sa bisa ng Memorandum mula sa Kalihim Tagapagpaganap Salvador C. Medialdea mula sa Atas ng Pangulo ng Pilipinas na may petsang ika-16 Marso 2020, ang kapuluan ng Luzon ay isinailalim sa Pinalawig na Pampamayanang Kuwarentina o *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*;

**SAPAGKAT,** noong ika-11 ng Mayo 2020, ay ipinasya ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease na isailalim sa General Community Quarantine ang Lungsod ng Malolos mula ika-16 ng Mayo 2020 hanggang ika-31 ng Mayo 2020;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Seksyon 455 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Lungsod bilang Punong Tagapagpaganap ng pamahalaang lungsod ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

**NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si INH. GILBERT T. GATCHALIAN**, Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

**SEKSYON I. PAGPAPANATILI NG *CLUSTERING, WINDOW PERIOD* AT *HOME QUARANTINE PASS*.** Mananatili ang pagpapatupad ng *clustering* at *window period* sa mga barangay. Lakip ng Atas na ito ang nasabing *clustering*. Tanging ang mga nabigyan ng *home quarantine pass* ang maaaring lumabas ng bahay na ayon sa window period na itinalaga para sa kanilang barangay.

2F City Government Building
Barangay Sto. Niño, City of Malolos 3000
Telephone No.: (044) 796-2793
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

Ang lahat ng establisiyimentong pinahihintulutang magbukas ay tinatagubilinang tanging ang may mga home quarantine pass ang maaaring papasukin sa kanilang mga establisiyimento liban sa mga bangko, ospital, klinika, at tanggapan ng gobyerno na maaaring tumanggap ng mga residente mula sa ibang pamahalaang lokal, sa kondisyon na sila ay makapagpapakita ng travel pass mula sa Tanggapan ng kanilang Punong Bayan o Punong Lungsod.

**SEKSYON I.1 PAGTATANGI.** Hindi sakop ng clustering at window period ang mga healthworkers, frontliners, mga manggagawa ng mga establisiyimentong pinahintulutang magbukas ngayong panahon ng GCQ, force multipliers na pinahintulutang magboluntir ng Pamahalaang Lungsod, kawani ng Pamahalaang Lungsod sa kanilang pagganap ng opisyal na gawain, at mga halal ng opisyal ng Lungsod ng Malolos.

Ang mga *barangay volunteer* ay maaaring magpatuloy na magsagawa ng kanilang gawain sa loob ng kanilang mga barangay araw-araw.

Para sa mga mamamayan ng ibang pamahalaang lokal, makapapasok lamang sila sa Lungsod ng Malolos matapos makapagpakita ng travel pass mula sa kanilang Punong Bayan o Punong Lungsod patungo sa mga pagamutan, bangko kung saan sila ay may mga account, at mga tanggapan ng gobyerno.

**SEKSYON II. MAHIGPIT NA PAGRE-REPORT SA MGA BARANGAY OFFICIALS NG LAHAT NG BALIKBAYAN.** Lahat ng Balikbayan na dumating sa Lungsod ng Malolos ay nararapat na magpunta sa kanilang mga Barangay Hall upang sila ay maisama sa mga indibidwal na ikukuwarentina sa loob ng 14 na araw sa sariling bukod na silid sa kanilang tahanan.

**SEKSYON III. PAGKAKALOOB NG TRAVEL PASS.** Binibigyang karapatan ang mga Punong Barangay na magkaloob ng mga travel pass para sa pagbiyahe sa loob ng Lungsod alinsunod sa mga pinahihintulutang paglabas sa mga lokal na pamahalaan na nasa ilalim ng *General Community Quarantine.*

Para sa mga biyaheng patungo sa ibang lokal na pamahalaan, mananatiling bukas ang Tanggapan ng Punong Lungsod sa pamamagitan ng email address – *cgmtravelpass@gmail.com* upang suriin ang mga kahilingang magkaroon ng permisong makapagbiyahe alinsunod sa pinahihintulutan ng IATF.

Mula ika-16 ng Mayo, tanging ang mga frontliners at kawani o kinatawan ng mga establisiyimentong pinahintulutang magbukas sa ilalim ng GCQ na hindi pa napagkalooban ng travel pass, at ang mga kalalagayang tuwirang pinahihintulutan ng Pamahalaang Nasyunal ang maaaring pagkalooban ng travel pass.

**SEKSYON IV. REGULASYON PATUNGKOL SA MGA PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON.** Pinahihintulutan ang pampublikong transportasyon sa ilalim ng *General Community Quarantine.*

**SEKSYON IV.1** Tanging ang mga drayber na may edad 21-59 ang pinapayagang makapamasada.

**SEKSYON IV.2** Susunod ang mga pampublikong transportasyon sa isang iskema na nagtatakda ng pagsasalitang-pasada batay sa huling numero ng plaka ng kanilang sasakyang

pangpasada liban sa mga tricycle na ang huling numero ng body number ang magiging basehan ng araw ng pagpasada ayon sa sumusunod na iskema:

| Araw | Huling numero ng plaka o body number |
|---|---|
| Lunes, Miyerkules, at Biyernes | 1,3,5,7,9 (mga odd numbers) |
| Martes, Huwebes, at Sabado | 0,2,4,6,8 (mga even numbers) |

**SEKSYON IV.3** Hindi pahihintulutang mamasada ang mga drayber na walang *facemask*, *goggles* o anumang proteksiyon sa mata, at *gloves.*

**SEKSYON IV.4**. Sa lahat ng pagkakataon, isang tao lamang ang maaaring maging pasahero ng tricycle. Para naman sa mga dyip at UV Express, kalahati lamang ng kapasidad ang maaaring isakay.

**SEKSYON IV.5** Lahat ng pampublikong sasakyan ay inaatasang magsagawa ng kinakailangang paglilinis o disinfection sa pagitan ng pamamasada o kaya'y habang nasa terminal sa mga parte ng sasakyang laging mahahawakan, gaya ngunit hindi lamang, ng upuan, tagiliran, patungan ng kamay or armrest at salalayan ng gamit.

Ang lahat ng Terminal ng pampublikong sasakyan ay dapat na magkaroon ng hugasan ng kamay na may suplay ng tubig at sabon.

**SEKSYON IV.6**. Ang Fare Matrix ay dapat na nakapaskil sa loob ng bawat sasakyan sa lugar na madaling matanaw ng mga pasahero.

**SEKSYON V. MGA ESTABLISYIMENTO / INDUSTRIYA NA PINAHIHINTULUTANG BUKAS NGAYONG GCQ.** Tanging mga industriya na nabibilang sa mga pinahihintulutang bukas habang ang Lungsod ay nasa ilalim ng GCQ alinsunod sa panuntunan ng Pamahalaang Nasyunal ang maaaring magbukas. Lakip na Atas na ito ang kopya ng gabay na inilathala ng Opisyal na Tagapagsalita ng Pangulo noong ika-13 ng Mayo, 2020. Anumang pagbabago kaugnay sa mga pinahihintulutang establisyimento o industriya na ilalathala ng Pamahalaang Nasyunal para sa mga pamahalaang lokal na nasa ilalaim ng GCQ ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

**SEKSYON VI. ARAW NG LINGGO PARA SA MGA *FRONTLINERS* AT *ESSENTIAL WORKERS.*** Sakaling piliin na magbukas ng ilang establisyimentong pinahihintulutang bukas sa pag-iral ng GCQ sa araw ng Linggo, tanging ang mga taong nabanggit sa Seksyon I.1 Pagtatangi ang maaaring makapasok sa mga ito sa kondisyong sila ay makapagpapakita ng kaukulang katibayan ukol dito.

**SEKSYON VII. PAMANTAYAN PARA SA MGA *MASS GATHERINGS.*** Tanging mga pagtitipon na hindi hihigit sa sampung katao ang pinahihintulutan sa anumang pagkakataon. Ang panuntunang ito ay sumasaklaw din sa lingguhang gawaing panambahan.

**SEKSYON VIII. PANANATILI NG MGA CHECKPOINTS.** Upang makasiguro ng patuloy na pagpigil sa pagkalat ng coronavirus sa Lungsod ng Malolos, mananatiling maigting

ang pagsusuring isasagawa sa mga checkpoints ng mga Kapulisan at ng mga *force multipliers* na binigyan ng pahintulot na gumanap ng mga tungkulin sa checkpoints.

**SEKSYON IX. MAHIGPIT NA PAGPAPATUPAD NG ISOLATION NG MGA INDIBIDWAL NA *"COVID-19 SUSPECTS"*.** Ang sinumang matukoy ng Contact Tracing Team ng Lungsod na nagkaroon ng close contact sa isang *COVID-19 patient* at nagpakita ng sintomas ng coronavirus na walang sariling bukod na silid sa kanyang tahanan ay agarang dadalhin ng Contact Tracing Team ng Lungsod sa isa sa mga *isolated facilities* ng Lungsod.

Ang Kapulisan at ang Tanggapang ng Panlungsod na Manananggol ay maaaring magsampa ng kaukulang kaso sa ilalim ng Republic Act 11332 na mas kilala bilang "Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act" para sa mga hindi tatalima sa alituntuning ito.

**SEKSYON X.** Hindi pinahihintulutan ang pag-inom ng alak o anumang inuming nakalalasing sa labas ng sariling bahay.

**SEKSYON XI.** Ang anumang uri ng sugal at pagtaya (*betting*) ay hindi pinahihintulutan.

**SEKSYON XII**. Ang curfew mula ika-8 ng gabi hanggang ika-5 ng umaga ay patuloy na ipatutupad.

**SEKSYON XIII. KAPARUSAHAN.** Ang sinomang lalabag sa Atas na ito ay maaaring sampahan ng kaukulang kaso ng Kapulisan o ng Tanggapan ng Panglungsod na Manananggol.

**SEKSYON XIV. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, mananatiling may bisa ang lahat ng sugnay na maaaring ihiwalay sa sugnay na nawalan ng bisa.

**SEKSYON XV. KABISAAN.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay binibigyang kabisaan mula ika-16 ng Mayo, taong kasalukuyan.

Nilagdaan ngayong ika- 15 ng Mayo, 2020. Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
Punong Lungsod

## TWO-DAY WINDOW PERIOD CLUSTERS

| MONDAY AND THURSDAY | TUESDAY AND FRIDAY | WEDNESDAY AND SATURDAY |
|---|---|---|
| ANILAO | BAGONG BAYAN | BARIHAN |
| ATLAG | BABATNIN | BULIHAN |
| CALILIGAWAN | BAGNA | BUNGAHAN |
| CANALATE | BALAYONG | CANIOGAN |
| DAKILA | BALITE | LIGAS |
| LOOK 2ND | BANGKAL | LONGOS |
| MABOLO | CAINGIN | LUGAM |
| MASILE | CALERO | MAMBOG |
| MATIMBO | CATMON | NIUGAN |
| MOJON | COFRADIA | PAMARAWAN |
| SAN AGUSTIN | GUINHAWA | PANASAHAN |
| SAN JUAN | LIANG | SUMAPANG BATA |
| SAN PABLO | LOOK 1ST | SAN GABRIEL |
| SAN VICENTE | NAMAYAN | TAAL |
| STMA. TRINIDAD | PINAGBAKAHAN | TIKAY |
| STO.CRISTO | SUMAPANG MATANDA | |
| STO.NIÑO | SANTIAGO | |
| STO. ROSARIO | SANTOR | |